8

**Republic of the Philippines**
**Department of Education**
**NATIONAL CAPITAL REGION**
**Misamis Street, Bago-Bantay, Quezon City**

# UNIFIED SUPPLEMENTARY LEARNING MATERIALS
(USLeM)

# FILIPINO
# IKAAPAT NA MARKAHAN – MODYUL 2


**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat at Tagalapat:** Edna C. Balane
**Tagasuri ng Nilalaman at Wika:** Elvira F. Siason
**Tagapamahala:** Malcolm S. Garma, Regional Director – NCR
Alejandro G. Ibañez, CESO VI, OIC- Schools Division Superintendent
Genia V. Santos, CLMD Chief – NCR
Loida O. Balasa, CID Chief SDO Navotas City
Ma. Gloria G. Tamayo, EPS Filipino – NCR
Dennis M. Mendoza, LR EPS - NCR
Rico C. Tarectecan, EPS Filipino SDO Navotas City
Grace R. Nieves, LR EPS SDO Navotas City
Nancy C. Mabunga, Librarian – NCR
Vergel Junior C. Eusebio, PDO II LRMS
Shirley Eva Marie V. Mangaluz, Librarian II LRMS



**Pag-aari ng Gobyerno. Hindi Ipinagbibili**

# Modyul 2:
# Iba't Ibang Damdamin at Motibo ng Tauhan

## Inaasahan

Upang higit na maunawaan ng mga Baitang Walo ang akdang pampanitikan na Florante at Laura sa SLeM na ito ang mga mag-aaral ay inaasahang:

1. Nakasusulat ng sariling talumpating nanghihikayat tungkol sa isyung pinapaksa sa binasa (F8PU-IVf-g-38)
2. Nagagamit nang wasto ang mga salitang nanghihikayat (F8WG-IVf-g-38)
3. Nailalahad ang damdamin o saloobin ng may- akda, gamit ang wika ng kabataan (F8WG-IVa-b-35)
4. Naisusulat sa isang monologo ang mga pansariling damdamin tungkol sa: - pagkapoot - pagkatakot - iba pang damdamin (F8PU-IVc-d-36)
5. Nailalahad ang damdaming namamayani sa mga tauhan batay sa napakinggan (F8PN-IVg-h-37)
6. Nasusuri ang mga sitwasyong nagpapakita ng iba't ibang damdamin at motibo ng mga tauhan (F8PB-IVg-h-37)

## Unang Pagsubok

Narito ang maikling pagsubok na may layong sukatin ang iyong kaalaman sa mga araling pag-aaralan.

**A. Panuto**: Basahin ang mga saknong at suriin kung ano ang damdamin at motibo ng tauhan ang naghahari. Bilugan ang letra ng wastong sagot.

1.

Sa isang madilim, gubat na mapanglaw,
Dawag na matinik ay walang pagitan:
Halos naghihirap ang kay Pebong silang,
Dumalaw sa loob na lubhang masukal.

Ang naglalahad ay punong-puno ng…

A. lungkot B. pag-asa C. pag-aalinlangan D. pananalig

2.

Malalaking kahoy, ang inihahandog,
Pawang dalamhati, kahapisa't lungkot;
Huni ng ibon ay nakalulunos
Sa lalong matimpi't masasayang loob.

Masasalamin sa damdamin ng naglalahad na ito ay…

A. malungkot B. may pag-asa C. may pananalig D. natatakot

3.

| |
|---|
| Bakit kalangita'y bingi ka sa akin,<br>Ang tapat kong lubog ay hindi mo dinggin?<br>Diyata't isang alipusta't iring<br>Sampung tainga mo'y ipinangunguling |

Mararamdamang ang naglalahad ay may…

A. pag-asa B. pananalig C. pagsusumamo D. pagtatampo

4.

| |
|---|
| Ay saan ngayon ako mangangapit?<br>Saan ipupukol ang tinatangis-tangis,<br>Kung ayaw na ngayong dinggin ng langit,<br>Ang sigaw ng aking malumbay na boses. |

Nagpapahiwatig ito na ang saloobin ng nagsasalita ay may…

A. pag-asa B. pakiusap C. pananalig D. paghihinagpis

5.

| |
|---|
| Kung siya mong ibig na ako'y magdusa,<br>Langit na mataas, aking mababata;<br>Isagi Mo lamang sa puso ni Laura<br>Ako'y minsan-minsang mapag-alala |

Ang pahayag ay nagsasaad ng

A. pag-asa B. pakiusap C. pananalig D. paghihinagpis

**Para sa bilang 6-10** Basahin ang bawat pahayag at piliin ang letra ng wastong sagot na bubuo sa pangungusap.

6. Ako ay ____________ na ang lahat ng pagsubok na ating pinagdadaanan ay ating malalampasan.

   A. naniniwala B. sigurado C. totoo D. tunay na

7. _____________ maabot ang ating mga pangarap kung tayo ay magsisikap.

   A. kaya natin B. sigurado C. tunay na D. totoo na

8. __________ ang pagkakaisa ay isa sa mga sangkap tungo sa tagumpay.

   A. Kaya natin B. Sigurado C. Tunay na D. Totoo na

9. Batay sa mga nakalap na impormasyon, ___________ mas malaki ang posibilidad na mahawaan ng COVID-19 ang mga taong walang suot na facemask.

   A. sigurado B. talaga C. siyempre D. totoo na

10. _______ akong kung ang lahat ay magkakaroon ng pagkakaisa tiyak na mabilis masusugpo ang problema.

A. Naniniwala B. Siyempre C. Talaga D. Tama

## Balik-Tanaw

Layon ng bahaging ito na masukat ang dati mong kaalaman tungkol sa paksa.

**Panuto**: Isulat sa ulap ang iyong mga natutuhan sa kaligirang pangkasaysayan ng Florante at Laura batay sa nakalipas na aralin.



## Maikling Pagpapakilala Ng Aralin

. Ang Florante at Laura na akda ni Francisco "Balagtas" Baltazar ay isang akdang pampanitikan na sumibol noong Panahon ng mga Espanyol. Ang akdang ito ay itinuturing na obra maestra sa Panitikang Pilipino. Masasalamin sa akdang ito ang mga damdamin ng sakit, kabiguan at kaapihan. **Ipabasa sa iyong magulang o sa isang nakatatanda ang saknong 1-25 ng akdang Florante at Laura.**

**Ang Hinagpis ni Florante**
**(Mga Saknong 1-25)**

Sa bahaging ito'y makikilala mo si Florante, ang pangunahing tauhan ng awit: isang matikas at magiting na heneral ng Albanya subalit sa pagkakataong ito ay talunan. Nakagapos siya sa isang punong higera sa gitna, ng isang madilim at mapanglaw na gubat. Maririnig mula sa binata ang mga hinagpis at pagtangis dahil sa pagkagaping nangyari sa kanya at sa paghihirap ng kaniyang minamahal na kahariang Albanya dahil sa pananakop ng taksil at masamang si Konde

Adolfo. Nawawalan na siya ng pag-asa at maging sa Diyos ay nakapagpahayag siya ng hinanakit sa pag-aakalang siya'y pinabayaan na. Subalit sa huli'y napag-isip-isip niyang idaan sa panalangin ang kaawa-awa niyang kalagayan.

*-Mula sa Filipino 8 Pinagyamang Pluma*

## Gawain

### Gawain A

Masasalamin sa unang bahagi ng Florante at Laura ang kasalukuyang kalagayan ng Kaharian ng Albanya sa kamay ni Konde Adolfo.

**Sitwasyon:** Ikaw ay isa sa mga kawal ni Heneral Florante. Bilang isa sa mga kinatawan ng iyong hukbo, bumuo ka ng isang talumpati na nagpapahayag ng iyong saloobin hinggil sa pananakop na ginagawa ni Konde Adolfo. Gamitin ang wika ng kabataan sa paglalahad ng iyong saloobin o damdamdain at gumamit din ng mga salitang maaaring makahiyakat sa iyong mga kasamahan.

| Pamantayan | Napakahusay 4 | Mahusay 3 | Kailangan pa ng Pagsasanay 1 | Iskor |
|---|---|---|---|---|
| **Orihinalidad** | Ginamit ang sariling ideya sa pagbuo ng talumpati sa lahat ng pagkakataon | Ginamit ang sariling ideya sa pagbuo sa ilang bahagi ng talumpati | Hindi gumamit ng sariling ideya sa pagbuo ng talumpati | |
| **Mensahe** | Nailahad ng maayos ang mensaheng nais iparating ng talumpati | Nailahad ng medyo maayos ang mensaheng nais iparating ng talumpati | Hindi nailahad ng maayos ang mensaheng nais iparating ng talumpati | |
| **Nakahihikayat** | Ang talumpati ay nakahihikayat sa tagapakinig/ mambabasa | Ang talumpati ay bahagyang nakahihikayat sa tagapakinig/ Mambabasa | Ang talumpati ay hindi nakahihikayat sa tagapakinig/ mambabasa | |
| **Kabuuang Marka** | | | | |

---

**Gawain B**

**Panuto**: Ipabasa sa magulang o sa nakatatanda ang mga saknong at ibigay ang damdaming namamayani sa tauhan.

| | |
|---|---|
| "Ang mga hayop pang dito'y gumagala,<br>karamiha'y syerpe't basiliskong madla;<br>hyena't tigreng ganid na nagsisila<br>ng buhay ng tao't daiging kapuwa." | ______________________________<br>______________________________<br>______________________________ |
| "Sa loob at labas ng bayan kong sawi,<br>Kaliluha'y siyang nangyayaring hari,<br>Kagalinga't bait ay nalulugami,<br>Ininis sa hukay ng dusa't pighati | ______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________ |

## Tandaan

**Mga Pahayag na Nagsasaad ng Iba't Ibang Damdamin**

Ang emosyon ay ang reaksyon ng ating katawan na nakabase sa ating sitwasyon. Ito ay maaaring mag-iba-iba depende sa sitwasyon na ating nararanasan sa pang-araw-araw na buhay.

1. **Mga Pangungusap na Padamdam:** Ito ay mga pangungusap na nagpapahayag ng matinding damdamin o emosyon. Ginagamitan ito ng tandang padamdam ( ! )
   Halimbawa
   - Naku po ! Naiwan ko ang aking pitaka.
   - Napakawalang puso ng taong kayang pumaslang ng kaniyang kapwa!

2. **Maikling Sambitla:** Ito ay mga sambitlang isahan o dalawahang pantig na nagpapahayag ng matinding damdamin.
   Halimbawa
   - Aray! Napaso ako sa kaldero.
   - Wow! Ang ganda naman ng tanawin dito.
3. Mga pangungusap na nagsasaad ng tiyak na damdamin o emosyon ng isang tao
   Halimbawa

| | | |
|---|---|---|
| kasiyahan | lungkot | pagpapasalamat |
| pagtataka | galit | pagsang-ayon |

**MGA SALITANG NANGHIHIKAYAT**

Ang mga salitang nanghihikayat ay karaniwang ginagamit upang mangumbinsi o manghikayat ng isang tao hinggil sa isang isyu o napapanahong paksa.

**(Pag-aari ng Gobyerno. Hindi Ipinagbibili)**

**MGA SALITANG NANGHIHIKAYAT**

Mga halimbawa ng mga salitang panghihikayat.

**Pagsang-ayon**
Totoo, sigurado, tunay nga, tinatanggap ko, tama ka, marahil nga tama ka, talaga, totoo ang sinasabi mo, sadyang ganoon ang pangyayari, walang duda, mahusay ang pananaw mo, katototohanan ang sinabi mo, at iba pang salita at pariralang kaugnay ng pagsang-ayon.

**Halimbawa:**
a. Mahal na mahal ni Laura si Florante, kaya siguradong hindi siya magpapakasal kay Konde Adolfo.
b. Totoo ngang napasakamay na ni Konde Adolfo ang Albanya dahil sa pagkawala ni Florante.

2. **Pagbibigay-diin sa pinaninindigang isyu:**
Naniniwala ako… sapagkat, kung susuriin natin, mapatutunayang kung ganito ang mangyari…. tiyak na, at iba pang salita at pariralang kaugnay nito.

**Halimbawa:**
a. Naniniwala ako na hindi magtatagumpay ang kasamaan ni Konde Adolfo laban sa hukbo ni Florante.
b. Kung susuriing mabuti, malaki ang inggit ni Konde Adolfo kay Florante dahil simula bata pa lamang sila ay mas mahusay na si Florante kaysa kay Konde Adolfo.

## Pag-alam sa mga Natutuhan

### Gawain A

Matapos mong mapakinggan/mabasa ang saknong 1-25 ng Florante at Laura at ang buod nito. Ano ang damdaming naghari sa iyo? Gamit ang wika ng kabataan bumuo ng isang maikling monologo na naglalahad ng iyong damdamin tungkol sa bahagi ng akda na iyong nabasa.

| Pamantayan | Napakahusay 4 | Mahusay 3 | Kailangan pa ng Pagsasanay 1 | Iskor |
|---|---|---|---|---|
| **Orihinalidad** | Ginamit ang sariling ideya sa pagbuo ng | Ginamit ang sariling ideya sa pagbuo sa | Hindi gumamit ng sariling ideya sa | |

(Pag-aari ng Gobyerno. Hindi Ipinagbibili)

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | sanaysay sa lahat ng pagkakataon | ilang bahagi ng sanaysay | pagbuo ng sanaysay | |
| **Mensahe** | Nailahad ng maayos ang mensaheng nais iparating ng sanaysay | Nailahad ng medyo maayos ang mensaheng nais iparating ng sanaysay | Hindi nailahad ng maayos ang mensaheng nais iparating ng sanaysay | |
| **Wastong gamit ng Bantas** | Nagamit ng wasto ang mga bantas sa pagbuo ng sanaysay | May ilang maling paggamit ng bantas sa pagbuo ng sanaysay | Hindi nagamit nang wasto ang mga bantas sa pagbuo ng sanaysay. | |
| **Kabuuang Marka** | | | | |

## Pangwakas Na Pagsusulit

**A. Panuto**: Basahin at suriin ang gamit ng salitang nanghihikayat sa pangungusap. Isulat ang tsek sa patlang kung ang gamit nito ay wasto at ekis naman kung hindi.

_______1. Naniniwala ako sa mga pagbabagong kaniyang ipinangako.

_______2. Tunay ngang kawili-wiili ang pagbabasa ng mga akdang pampanitikan.

_______3. Sigurado ka ba sa bagay na iyan?

_______4. Walang duda! Iyan nga ang nawawalang alagang aso ni Teddy.

_______5. Totoo ba ang iyong mga sinasabi?

**B. Panuto:** Basahin at pagtambalin ang mga pahayag na hango sa awitin na nasa Hanay A sa mga damdaming katumbas nito sa Hanay B. Isulat sa patlang ang letra ng wastong sagot.

| Hanay A | Hanay B |
|---|---|
| ___1. Ang abang uyamin ng dalita't sakit<br>Ang dalawang mata'y bukal ang kaparis; | A. galit |
| ___2. Sa loob at labas ng bayan kong sawi,<br>Kaliluha'y siyang nangyayaring hari | B. lungkot |
| ___3. Balang magagaling ay ibinabaon<br>At inililibing ng walang kabaong | C. nanangis |
| | D. pagkasuklam |
| ___4. At ang balang bibig na binubukalan,<br>Ng sabing magaling at katotohanan<br>Agad binibiyak at sinisikangan<br>Ng kalis ng lalong dustang kamatayan | E. takot |
| ___5. Huni ng ibon ay nakalulunos<br>Sa lalong matimpi't masasayang loob | F. tuwa |

## Susi Sa Pagwawasto

**Unang Pagsubok**

1. A
2. D
3. C
4. D
5. B
6. A
7. A
8. C
9. D
10. A

**Pangwakas na Pagsusulit**

1. /
2. /
3. X
4. /
5. X
6. B
7. C
8. D
9. A
10. E

## SANGGUNIAN

Baisa, Julian, A. G. (2015). Pinagyamang Pluma Alinsunod sa K to 12 Curriculum.Phoenix Publishing House. Quzeon City (pah. 512-517).

Tyler, Mark . Salitang Nanghihikayat. (2019, March 13). *blogspot.com*. Retrieved February 27, 2021, from http://markpanuncillon.blogspot.com/2019/03/salitang-nanghihikayat_13.html

Pascual, M. L., Maikling Kwento Modyul 3. Filipino: Ikalawang Markahan.(2020). pah.10.